



L.A. Care
HEALTH PLAN®

Abiso ng Mga Gawi sa Pagkapribado



IIPINAPALIWANAG NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYONG TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO KAYO MAKAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING SURIIN ITO NANG MAINGAT.

Nakukuha ninyo ang inyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng L.A. Care Health Plan (L.A. Care). Ayon sa batas, kailangang pangalagaan ng L.A. Care ang inyong Protektadong Impormasyong Pangkalusugan (Protected Health Information, PHI). Kailangan din namin kayo bigyan ng abisong ito. Sinasabi sa inyo ng abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at isiwalat ang inyong PHI. Sinasabi nito sa inyo kung ano ang inyong mga karapatan. Maaari kayong magkaroon ng mga karagdagan o higit pang mahigpit na karapatan sa pagkapribado sa ilalim ng batas ng estado.

I. Ano ang “Protektadong Impormasyong Pangkalusugan”?

Ang Protektadong Impormasyong Pangkalusugan (“PHI”) ay impormasyong pangkalusugan na mayroong pangalan, Social Security number, o iba pang impormasyon ninyo na maaaring ipaalam sa iba kung sino kayo. Halimbawa, ang inyong talaan ng kalusugan ay PHI dahil mayroon itong pangalan ninyo.

II. Paano Namin Pinoprotektahan Ang Inyong PHI

Ang PHI ay maaaring sabihin, isulat, o nasa elektroniko (sa isang computer). Ayon sa batas, kailangang protektahan ng L.A. Care ang inyong PHI at sabihin sa inyo ang tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga gawi sa pagkapribado. Kailangan naming sabihin sa inyo kung mayroong paglabag sa inyong hindi ligtas na PHI.

Ang PHI ay maaaring sabihin, isulat, o nasa elektroniko (sa isang computer). Ayon sa batas, kailangang protektahan ng L.A. Care ang inyong PHI at sabihin sa inyo ang tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga gawi sa pagkapribado. Kailangan naming sabihin sa inyo kung mayroong paglabag sa inyong hindi ligtas na PHI.

Pinoprotektahan ng mga sistema ng computer ng L.A. Care ang inyong PHI sa lahat ng pagkakataon. Ang mga password ang isang paraan upang magawa namin ito.

Ang mga fax machine, printer, copier, computer screen, pinagtatrabahuhan, at mga portable na media disk na mayroong PHI ninyo ay hindi ibinabahagi sa ibang walang access. Kailangang kunin ng kawani ang PHI mula sa mga fax machine, printer, at mga copier. Kailangan nilang tiyakin na matatanggap lamang ito ng mga nangangailangan nito. Ang mga portable na media device na may PHI ay

protektado ng password. Ang mga computer screen at pinagtatrabahuhan ay naka-lock kapag hindi ginagamit. Naka-lock rin ang mga drawer at kabinet.

III. Ang Inyong Impormasyon ay Personal at Pribado

Kumukuha ng impormasyong tungkol sa inyo ang L.A. Care kapag sumali kayo sa aming planong pangkalusugan. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang bigyan kayo ng pangangalagang kailangan ninyo. Kumukuha rin kami ng PHI mula sa mga doktor, laboratoryo, at mga ospital. Ginagamit namin ang PHI na ito upang aprubahan at bayaran ang inyong pangangalagang pangkalusugan.

IV. Mga Pagbabago sa Abisong ito

Kailangang sumunod ng L.A. Care sa abisong ginagamit namin ngayon. Mayroon kaming karapatang baguhin ang mga gawi sa pagkapribadong ito. Ang anumang mga pagbabago ay ilalapat sa inyong PHI, kasama ang impormasyong mayroon kami bago ang mga pagbabago. Ipapaalam namin sa inyo kapag gumawa kami ng mga pagbabago sa abisong ito.

V. Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi Ang Impormasyong Tungkol sa Inyo

Maaari lamang gamitin o ibahagi ng L.A. Care ang inyong impormasyon para sa mga dahilan na may kinalaman sa pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa mga impormasyong ginagamit at ibinabahagi namin ay ang:

- Iyong pangalan
- Address
- Pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa inyo
- Halaga ng pangangalaga sa inyo
- Kasaysayan ng inyong kalusugan

Narito ang ilan sa mga bagay na ginagawa namin sa iyong PHI:

- Tingnan kung sakop kayo
- Nag-aapruha, nagbibigay, at nagbabayad para sa pangangalaga
- Tinitingnan ang kalidad ng pangangalaga sa inyo
- Tinitiyak na nakukuha ninyo ang lahat ng pangangalagang kailangan ninyo

Narito ang ilang mga paraan na maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI:

- **Paggamot: Ang ilan sa pangangalaga ay kailangang** aprubahan bago ninyo ito makuha. Maaari naming ibahagi ang PHI sa mga doktor, ospital at iba pa upang mabigyan kayo ng pangangalagang kailangan ninyo.
- **Pagbabayad:** Maaari kaming magpadala ng mga bayarin sa iba pang mga planong pangkalusugan o mga doktor para sa pagbabayad.
- **Mga Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Maaari naming gamitin ang PHI upang tingnan ang kalidad ng inyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari rin naming gamitin ang PHI para sa mga pag-audit, mga programa upang pigilan ang pandaraya, pagpaplano, at mga araw-araw na tungkulin.

VI. Iba pang Mga Paggamot para sa Inyong PHI

Ayon sa batas, maaaring gamitin o ibahagi ng L.A. Care ang ilan sa PHI.

Maaaring gamitin ng L.A. Care ang inyong PHI upang suriin ang mga desisyon sa pagbabayad o upang tingnan kung gaano kahusay ang L.A. Care sa pagbibigay ng pangangalaga. Maaari rin naming ibahagi ang inyong PHI sa mga taong nagbibigay sa inyo ng pangangalagang pangkalusugan, o sa inyong itinalaga.

Kailangang ibahagi ng L.A. Care ang inyong PHI sa pamahalaan ng Estados Unidos kapag tinitingnan nito kung gaano kahusay natutugunan ng L.A. Care ang mga patakaran sa pagkapribado.

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa iba pang mga grupong tumutulong sa amin sa aming trabaho. Ngunit hindi namin ito ginagawa maliban kung sumasang-ayon sa sulat ang mga grupong iyon upang panatiliing pribado ang inyong impormasyon.

Maaari naming ibigay ang inyong PHI para sa mga dahilan ng kalusugan ng publiko upang:

- Iwasan o kontrolin ang sakit, pinsala o kapansanan
- Mag-ulat ng mga kapanganakan o kamatayan
- Mag-ulat ng pang-aabuso o kapabayaang sa bata
- Mag-ulat ng mga problema sa mga gamot at iba pang mga produkto sa kalusugan
- Sabihin sa mga tao ang tungkol sa mga pagbawi ng produkto
- Sabihin sa isang tao na maaaring nasa panganib silang makakuha o makakalat ng isang sakit.

Maaari rin naming sabihin sa mga awtoridad kung sa palagay namin kayo ay isang biktima ng pang-aabuso, kapabayaang, o karahasan sa pamilya. Gagawin lamang namin ito kung sumasang-ayon kayo o kung hinihiling ng batas.

Ayon sa batas, maaaring ibigay ng L.A. Care ang PHI sa isang namamahalang ahensiya para sa mga pag-aaudit, inspeksiyon, o mga pagkilos para sa pagdidisiplina. Ang mga ito ay ginagamit ng pamahalaan upang subaybayan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at upang tingnan ang pagsunod sa mga batas ng karapatang sibil.

Kung bahagi kayo ng isang paghahabla o hindi pagkakasundo, maaari naming ibigay ang inyong PHI bilang pagtugon sa isang utos ng hukuman. Maaari rin naming ibigay ang inyong PHI bilang pagtugon sa isang subpena, kahilingan upang maghanap ng mga impormasyon, o iba pang ayon sa batas na proseso ng ibang tao sa hindi pagkakasundo. Gagawin lamang namin ito kung ang taong humihiling nito ay sinubukang sabihin sa inyo ang tungkol sa kahilingan o kung ang tanong humihingi ng inyong PHI ay gumawa ng mga makatwirang pagsusumikap upang makakuha ng isang utos na nagpoprotekta sa impormasyon.

Maaari naming ibigay ang PHI kung hihingiin ng isang opisyal na nagpapatupad ng batas:

- Bilang pagtugon sa utos ng hukuman, subpena, warrant, o mga pagpapatawag
- Upang hanapin ang suspek, pugante, saksing may nalalaman sa pangyayari o nawawalang tao
- Tungkol sa biktima ng isang krimen kapag hindi namin makuha ang pagpayag ng tao
- Tungkol sa isang pagkamatay na maaaring dulot ng kriminal na asal
- Tungkol sa kriminal na asal sa aming planong pangkalusugan.

Maaari naming ibigay ang PHI sa isang coroner o medikal na tagasuri upang makilala ang isang namatay na tao o malaman ang sanhi ng pagkamatay. Maaari naming ibigay ang PHI sa mga direktor ng punerarya upang magawa nila ang kanilang trabaho.

Kung isa kayong donor ng bahagi ng katawan, maaari naming ibigay ang PHI sa mga grupong nakikipagtulungan sa mga donasyon ng bahagi ng katawan at tisiyu.

Sa ilang mga kaso, maaari naming gamitin at ibigay ang inyong PHI para sa pangkalusugang pananaliksik. Ang lahat ng proyekto sa pananaliksik ay sumasailalim sa isang espesyal na proseso ng pag-apruba.

Maaari naming gamitin at ibigay ang PHI upang pigilan ang isang seryosong pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao o ng publiko. Ibibigay lamang namin ito sa isang taong makakatulong sa pagpigil ng pagbabanta. Maaari rin naming gamitin o ibigay ang impormasyong kinakailangan upang mahuli ng nagpapatupad ng batas ang isang kriminal.

Kung miyembro kayo ng hukbong sandatahan, maaari naming ilabas ang inyong PHI sa mga militar na awtoridad. Maaari rin naming ilabas ang impormasyong tungkol sa banyagang tauhan na militar sa mga banyagang militar na awtoridad.

Maaari naming ibigay ang PHI sa mga pederal na opisyal para sa mga layunin ng pambansang seguridad. Gagamitin ito ng mga opisyal na ito upang protektahan ang Presidente, iba pang mga tao o mga pinuno ng estado, o upang magsagawa ng mga imbestigasyon.

Maaari naming ibigay ang PHI upang sumunod sa kabayaran sa mga manggagawa o sa iba pang mga batas.

VII. Kailan Kailangan ng Nakasulat na Pahintulot

Kung gusto naming gamitin ang inyong PHI sa isang paraan na hindi nakalista dito, kailangan naming makakuha ng inyong nakasulat na pagpayag. Halimbawa, ang paggamit o pagbabahagi ng PHI para sa mga pangangailangan sa pagmemerkado o pagbebenta ay nangangailangan ng inyong nakasulat na pagpayag. Kung gumagamit o nagbabahagi kami ng mga tala mula sa psychotherapy, maaari rin kami mangailangan ng inyong pagpayag. Kung bibigyan ninyo kami ng inyong pagpayag, maaari ninyo itong bawiin anumang oras sa sulat.

VIII. Ano Ang Inyong Mga Karapatan Sa Pagkapribado?

Mayroon kayong karapatang hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang inyong PHI. Padadalhan namin kayo ng form na kailangang punan upang sabihin sa amin ang inyong gusto. O kaya, maaari naming punan ang form para sa inyo. Maaaring hindi namin ibigay ang inyong kahilingan. Kung hindi namin maibibigay ang inyong kahilingan, ipapaalam namin ito sa inyo.

Mayroon kayong karapatang hilingin sa amin na makipag-ugnayan lamang sa inyo sa sulat o sa ibang address, post office box, o sa telepono. Padadalhan namin kayo ng form na kailangang punan upang sabihin sa amin ang inyong gusto. O kaya, maaari naming punan ang form para sa inyo. Ibibigay namin ang mga kahilingan nang may dahilan.

Mayroon kayong karapatang tingnan at makakuha ng kopya ng inyong PHI. Padadalhan namin kayo ng form na kailangang punan upang sabihin sa amin ang inyong gusto. O kaya, maaari naming punan ang form para sa inyo.

Maaari kayong magbayad para sa mga gastos para sa pagkopya at pagpapadala sa sulat. Ayon sa batas, mayroon kaming karapatang hindi ipakita sa inyo ang ilang mga bahagi ng inyong talaan.

Mayroon kayong karapatang hilingin na baguhin ang inyong mga talaan kung hindi tama ang mga ito. Padadalhan namin kayo ng form na kailangang punan upang sabihin sa amin kung ano ang gusto ninyong baguhin. O kaya, maaari naming punan ang form para sa inyo. Ipapaalam namin sa inyo kung gagawa kami ng mga pagbabago. Kung hindi namin maaaring gawin ang mga pagbabago, padadalhan namin kayo ng isang sulat na nagsasabi ng dahilan kung bakit. Maaari ninyong hilingin na suriin namin ang aming desisyon kung hindi kayo sumasang-ayon dito. Maaari rin kayo magpadala ng isang pahayag na nagsasabi sa amin kung bakit hindi kayo sumasang-ayon. Itatabi namin ang inyong pahayag kasama ang inyong mga talaan.

Mayroon kayong karapatang makakuha ng isang listahan ng kung kailan namin ibinahagi ang inyong PHI kasama ang:

- Kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon
- Kung kailan namin ito ibinahagi
- Para sa anong mga dahilan
- Anong impormasyon ang ibinahagi

Nakalista sa listahan ang huling anim na taon maliban kung gusto ninyo ng mas maikling panahon. Ang listahan ay hindi magkakaroon ng impormasyong ibinahagi bago ang Abril 14, 2003. Hindi kasama sa listahan kung kailan kami nagbabahagi sa inyo ng impormasyon, na may pagpayag ninyo, o para sa paggamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan.

Mayroon kayong karapatang humiling ng isang papel na kopya ng abisong ito. Maaari ninyong mahanap ang abisong ito sa website ng L.A. Care sa **lacare.org**. O kaya, maaari ninyong tawagan ang aming Member Services Department sa **(888) 839-9909**.

IX. Paano Kayo Makikipag-ugnayan Sa Amin upang Gamitin Ang Inyong Mga Karapatan?

Kung gusto ninyong gamitin ang mga karapatan sa abisong ito, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

L.A. Care Privacy Officer
L.A. Care Health Plan
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
Telepono: **1-888-839-9909**
TTY/TDD: 711
Email: **PrivacyOfficer@lacare.org**

X. Mga Reklamo

Kung sa palagay ninyo hindi naprotektahan ng L.A. Care ang inyong PHI, mayroon kayong karapatang magreklamo. Maaari kayong magsampa ng reklamo (o karainan) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa:

L.A. Care Member Services
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
Telepono: **1-888-839-9909**
TTY/TDD: 711
Email: **PrivacyOfficer@lacare.org**

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa:

U.S. Department of Health and Human Services
Office for Civil Rights
Attention: Regional Manager
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103
Telepono: **1-800-368-1019**
Fax: **1-415-437-8329**
TTY/TDD: **1-800-537-7697**

Mga Miyembro ng Medi-Cal Lang:

California Department of Health Care Services
Office of HIPAA Compliance
Privacy Officer
P.O. Box 997413, MS 4722
Sacramento, CA 95899-7413
Telepono: **1-916-445-4646**
Telepono: **1-866-866-0602**
E-mail address: **privacyofficer@dhcs.ca.gov**

XI. Gamitin Ang Inyong Mga Karapatan Nang Walang Takot

Hindi maaaring bawiin ng L.A. Care ang inyong pangangalagang pangkalusugan o saktan kayo sa anumang paraan kung magsasampa kayo ng reklamo o gagamitin ang mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito.

XII. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Magkakaroon ng bisa ang mga patakaran sa pagkapribado ng L.A. Care sa Abril 14, 2003. Binago ang abisong ito at magkakabisa sa Setyembre 1, 2015.

XIII. Mga Tanong

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa abisong ito at gustong may malaman pa, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

L.A. Care Privacy Officer
L.A. Care Health Plan
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
Telepono: **1-888-839-9909**
TTY/TDD: **711**
Email: **PrivacyOfficer@lacare.org**

XIV. Kailangan Ba Ninyo ng Tulong sa Abisong Ito sa Ibang Wika o Format?

Upang makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga wika (Arabic, Armenian, Chinese, Farsi, Khmer, Korean, Russian, Espanyol, Tagalog, o Vietnamese), malaking letra, audio, o iba pang alternatibong format (sa paghiling), tumawag sa Member Services Department ng L.A. Care sa **1-888-839-9909**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga piyesta opisyal. Ang mga gumagamit ng TTY/TDD ay kailangang tumawag sa **711**.

Maaari ninyo rin kaming sulatan sa:

L.A. Care Privacy Officer
L.A. Care Health Plan
1055 West 7th Street, 10th Floor
Los Angeles, CA 90017
Email: **PrivacyOfficer@lacare.org**